Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-5 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 08 PEBRERO 1999, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- ABC President

Hindi Nakadalo:

Konsehal Randy P. Valencia	- SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 013
Taong 1999

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PANGKALAHATANG TAGAPAMAHALA NG ORMECO, ENGR. JACINTO H. MADRIAGA, JR. NG PAGPAPANATILI SA TUNGKULIN KINA G. NOLASCO Q. PAZ BILANG MANEDYER AT G. RENE DELAS ALAS BILANG FOREMAN NG ORMECO DISTRICT OFFICE, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang maayos at mabuting pagbibigay ng anumang serbisyo sa mga mamamayan ay nakasalalay sa mga taong umuugit at nagpapatakbo ng mga mekanismong bumubuo at kaagapay ng mga serbisyong ito;

SAPAGKA'T, ang Oriental Mindoro Electric Cooperative (ORMECO) sa pangkalahatan ay isang malaking tulong sa kaunlaran at mga mamamayan ng bayan ng Roxas, tinitingnan itong bahagi na ng pang-araw-araw na gawain sa mga tahanan, mga paaralan at mga establisimiyentong pang-industriya at sa pagpapaunlad ng ekonomiya sa kabuuan;

SAPAGKA'T, ang mahusay na pagpapalakad ng serbisyo sa bayan ng Roxas, Mansalay at Bulalacao ay dahilan sa masipag, matiyaga at maayos na pamamahala ni G. Nolasco Q. Paz sa tulong ng kanyang mga tauhan, isa na rito si G. Rene Delas Alas;

SAPAGKA'T, sa pana-panahon ng mga problema at pangangailangan ng mga mamamayan at mga awtoridad ng bayang ito sa tiyak, maagap at wastong serbisyo ng elektrisidad lalo na sa mga pambayan o pampublikong gawain si G. Paz ay agad-agad na tumutugon sa mga karaingan na lubos na pinasasalamatan ng mga kababayan at mga namumuno sa bayang ito;

SAPAGKA'T, ang ganitong magandang pagseserbisyo ay ninanais ng mga residente at mga namumuno ng Roxas, Silangang Mindoro na mapanatili at ito ay mangyayari una na nga ay sa pamamagitan ng mga taong nagpapalakad ng ORMECO sa bayang ito na dili iba't si G. Paz at mga kasamang tulad ni G. Rene Delas Alas;

SAPAGKA'T, sa puntong ito ang pamunuan ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ng Sangguniang Bayan ay mapitagang humihiling sa ORMECO sa pamamagitan ni Engr. Jacinto H. Madriaga, Jr., Pangkalahatang Tagapamahala ng pagpapanatili sa tungkulin kina G. Nolasco Q. Paz bilang manedyer at G. Rene Delas Alas bilang foreman ng ORMECO District Office, Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Pangkalahatang Tagapamahala ng ORMECO, Engr. Jacinto H. Madriaga, Jr. ng pagpapanatili sa tungkulin kina G. Nolasco Q. Paz bilang manedyer at G. Rene Delas Alas bilang foreman ng ORMECO District Office, Roxas, Silangang Mindoro para na rin sa kabutihan at kagalingan ng mga mamamayan ng bayang ito at ng mga karatig bayan ng Mansalay at Bulalacao.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Engr. Jacinto H. Madriaga, Jr., Pangkalahatang Tagapamahala ng ORMECO, Calapan City para sa masusing pag-aaral at naaayong pagpapasya.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi si G. Clarito J. Aclan, Pangulo, Lupon ng mga Direktor ng ORMECO Calapan City para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.

Pinagtibay: 08 Pebrero 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

Received copies fr:
Mr. Paz CHANDY ANTOLIN 2/15/99 - Am
Engr. Madriaga
Engr. Aclan
CHANDY ANTOLIN
By: 1:25 PM
02/15/99

merz/